

1

Nakasakay sa bus si Ivory at nakamasid sa labas ng bintana habang pigil ang luha. May ilang oras na siyang sakay noon at ilang oras pa ang itatagal ng biyahe. Malayu-layo rin kasi ang napili niyang puntahan.

Patungo siya sa Taong Bato, isang maliit na baryo sa Ilocos.

Pinili niyang doon magtungo dahil alam niyang hindi siya masusundan ng mga magulang sa lugar na iyon.

Napalingon siya nang maulinigan ang usapan ng dalawang matandang babae sa tabi niya.

“Ang mga kabataan talaga ngayon, ibang-iba na,” anang isa. “Masabihan lang nang kaunti ng magulang, nagrerebelde na.”

May pakiramdam siyang siya ang pinarurunggitan ng dalawa.

“Tama ka diyan, malalakas ang loob ng mga iyan na mag-alsa-balutan,” sagot ng isa pa. Halos sabay pang pumalatak ang mga ito at lumingon sa kanya.

Minabuti niyang magtaingang-kawali at huwag patulan ang mga ito. Ano nga naman bang alam ng dalawang matandang ito sa nangyari sa kanya?

She closed her eyes. Gusto niyang makatulog. Baka sa pamamagitan niyon ay malimutan niya ang dahilan kung bakit siya umalis sa kanila. Subalit tila taksong bumalik sa kanyang alaala ang mga pangyayari bago niya nilisan ang kanilang bahay.

“You’re kidding!” di-makapaniwalang sabi niya sa ama.

Kasasabi lang nitong darating bukas ng gabi ang anak ng kaibigan nitong si Mauricio Chua, at kilalanin niya iyon nang husto dahil ikakasal daw sila apat na buwan mula ngayon.

“Twenty-first century na, Papa. Hindi na pupuwede ang arranged marriage!” salungat niya.

“I know this is hard for you, hija. But it’s true.” Nagpapaintindi ang anyo nito. “I just can’t say no to Mauricio. Malaki ang utang-na-loob ko sa kanya at usapan na namin ito noon pa. Kung nagkataon sanang naging lalaki ka, wala tayong magiging problema kaya lang—”

Hindi niya napigil ang pagluha. “Paano naman ako? Wala ba akong karapatang pumili ng gusto kong

mapangasawa?”

Hindi kaagad nakasagot ang matandang lalaki, sa halip ay bumuntong-hininga lang ito. May ilang sandaling katahimikan ang namayani bago ito muling nagsalita.

“Mabait si Stephen, Ivy. Alam kong magkakasundo kayo.”

Umiling si Ivory. “Hindi iyon ang punto ko, Papa. Ayoko.”

“Ivory, this is just one favor I’m asking of you.”

“But this is too much, Pa,” mariing sabi niya. “Buhay ko na ang gusto mong kontrolin.”

Hindi siya galit sa ama. She hated the idea of being manipulated. Why should she marry somebody just because he happened to be the son of someone to whom her father was indebted? At paano ang pag-aaral niya?

“Anak, please...” anito. “Iniisip ko lang naman ang kinabukasan mo. Kung si Stephen ang mapapangasawa mo, you’ll have a good life ahead of you.”

Ang pamilya Chua ay nagmamay-ari ilang chains of supermarkets, appliance centers at restaurants kaya marahil iniisip ng ama na siguradong hindi siya maghihirap ang dalaga sa piling ng lalaking nais

nitong ipakasal sa kanya ng ama. .

“No, Papa,” she said with conviction. “Hindi ako magpapakasal sa kanya.”

“Ivory...”

“All my life I’ve been very obedient to you, Papa. Hinayaan ko kayo ni Mama na mag-decide para sa akin simula noong bata pa ako. Kahit nga itong kurso ko ngayon.” She took up Management gayung Fine Arts talaga ang gusto niya. “Sinunod ko kayo dahil alam kong para sa ikabubuti ko din iyon. And I love you...” Bahagyang pumiyok ang tinig niya.

“Ivory, I’m only asking for a favor.”

“Hayaan ninyo naman akong magdesisyon para sa sarili ko. Kahit ngayon lang, Papa. Please.”

“I’m sorry, Ivy. Naka-set na ang kasal ninyo ni Stephen at nakakahiya kung—”

“How dare you!” angal niya. “How could you do this to me? Itinakda mo ang araw ng kasal ko nang hindi ko alam?”

“Anak lang kita, Ivy,” anito sa matigas na tinig. “Wala kang karapatang suwayin ako.”

Nanlaki ang mga mata niya. Ngayon lang nagsalita

nang ganoon sa kanya ang ama. He was always a loving father. And she used to be her Papa's girl.

“You’re trying my patience. Subukan mong suwayin ako, Ivory, at makikita mo ang gusto mo,” banta nito.

“What? Itatakwil mo ako?” malakas din ang tinig na tugon niya. “Go ahead.”

At nagpupuyos ang kalooban na iniwan niya ang ama sa sala.

Pinigilan siya ng ina na umalis. At sa totoo lang, muntik na siyang makumbinsi nito. Dahil naaawa rito, hinintay muna niyang makatulog ang ina bago umalis ng bahay. Baka kasi magbago pa ang isip niya kapag nakita niyang umiiyak ang kanyang mama.

Madaling-araw na nang sumakay siya ng bus na ito. Hindi pa talaga siya sigurado kung saan siya pupunta. Ang mga kaibigan niya ay mga anak-anakan din ng mga kaibigan ng kanyang ama.

Noon pumasok sa isip ni Ivory si Tita Dulce. Anak ito sa labas ng kanyang lolo at itinakwil ng pamilya matapos sumama sa isang mayamang may-asawa. Dahil sa ginawa nito ay inatake sa puso ang lolo niya at iyon ang ikinamatay ng matanda. Hindi na pinayagan ang babae na makaapak muli sa bahay nila simula noon.

Bagaman hindi siya sang-ayon sa ginawi ng tiyahin, naniniwala siyang may dahilan kaya nito ginawa iyon. Nanatili siyang may lihim na komunikasyon dito. Biyuda na ito ngayon at naninirahang mag-isa sa kubo nito sa baryo ng Taong Bato. Doon sana niya balak magpunta pero naisip niyang pauuwiin din siya nito kapag nalamang naglayas siya. Tiyak na iisipin nito ang pag-aalala ng kanyang ina.

And so she had to change her plans. Pumasok sa isip niya ang kababata at kaibigang si Nash. Nag-iisa na ito sa buhay since nine months ago. Siguro ay papayag din itong kupkupin siya ng ilang linggo. Uuwi rin siya, gusto lang niyang makapag-isip-isip ang kanyang ama.

Pagkababang-pagkababa ni Ivory sa bus ay kaagad niyang tinawagan ang lalaki sa phone booth. Pero tinig ng isang matandang babae ang sumagot.

Sa malas ay wala si Nash at nasa Pulang Lawa. Nagpakilala siya at ibinilin sa kausap na sabihan ang kaibigan na puntahan siya sa dati nilang tagpuan sa Linggo at maghihintay siya rito hanggang tanghali.

May tatlong araw pa bago sumapit ang araw

ng Linggo. Kailangang makahanap muna siya ng matutuluyan.

Gusto nang maiyak ni Ivory. Nagkapaltos-paltos na ang paa niya sa paghahanap ng matutuluyan. Pulos hotels ang nakikita niya sa kabiserang iyon at ayaw niyang mag-stay roon dahil hindi kalakihan ang dala niyang pera. Personal savings niya iyon mula sa natitira niyang allowance araw-araw. Itinabi niya iyon noon dahil mayroon siyang planong magbukas ng sariling negosyo. Pero kalilimutan muna niya ang planong iyon.

Hindi siya sigurado kung mapagkakasya niya iyon kaya kailangang magtipid siya bago dumating ang Linggo. Huwebes pa lang ngayon. Kaya kahit hindi siya sanay matulog sa kuwartong hindi air-conditioned, pagtitiyagaan na niya ang kahit ano.

Sa isang mumurahing inn siya bumagsak. Kahit napapangiwi siya sa hitsura ng dalawang palapag na gusali na iyon na mukhang isang anay na lang ang kulang at bibigay na, hindi na siya nagreklamo.

Tinulungan siya ng bellboy na bitbitin ang dala niyang backpack kung saan ipinagsiksikan niya ang mga dalang damit.

Ang silid niya ay kasinlaki lang yata ng kanyang

banyo sa bahay. Mas malaki pa di-hamak ang silid ng maid nila kaysa roon.

May agiw pa, komento niya sa sarili nang mapatingin sa kisame.

Pagkalabas ng bellboy, sinimulan niyang kainin ang binili niyang cup noodles at crackers, kasama ang bottled water. Iyon na ang hapunan niya.

Napasinghot siya. Muli ay gusto niyang maiyak. Tiyak kasi na sa kanila, tatlong klase ang ulam na nakahanda. Parang gusto niyang pagsisihan ang paglalayas. She felt miserable.

Naalala niyang tawagan si Phoebe kanina. Wala kasing ideya ang kaibigan sa kinaroroonan niya ngayon at alam niyang mag-aalala ito kapag nalamang nag-alsa-balutan siya. Pero aayaw nang mabuhay ng cellphone niya. Hindi na niya nai-charge iyon dahil sa pagmamadali.

Pinilit niyang ubusin ang pagkain bago naglinis ng sarili, pagkuwa'y nahiga na siya sa kama. Pakiramdam kasi niya ay hapong-hapo siya—physically, mentally at emotionally.

Ilang minuto lang ay nakatulog na siya.

Sinamantala ni Ivory ang sumunod na araw para maging pamilyar sa lugar na kinaroroonan. Naglakad-lakad siya nang umagang iyon. Nang magtanghali, nagpasya siyang magtungo sa bayan at makitawag muli. Magbabakasakali siya na nandoon sa bahay si Nash.

“Ivory?” she heard him say. Napatalon siya sa tuwa.

“Nash! Oh, my God, it’s really you!”

“Masuwerte kang matiyempuhan ako dito sa bahay ng kaibigan ko. Kumusta ka na?” Masaya rin ang tinig nito.

“Magkita tayo sa ilog, Nash.”

Matagal bago ito nakasagot. “O sige, mamayang dapit-hapon.”

“Doon na ako magkukuwento sa ’yo,” aniya at nagpaalam na kahit gusto pa niyang makakuwentuhan ito.

Ang San Agustin ay isang maliit na bayan na nasasakupan ng Apayao. Gayunpaman, nakasanayan na nilang tawaging Ilocos dahil mas malapit iyon sa lalawigang iyon. Halos three-fourths ng land area

nito ay hindi pa nade-develop, pulos gubat at bundok ang makikita roon. Ilan lang ang nagmimintina ng sasakyan dahil hindi rin nagagamit. Most people used horses for transportation. May ilang bahagi rin ng San Agustin ang wala pang kuryente.

Pero sa kabayanan kung saan naghihintay si Ivory, maraming tao. Nandoon kasi ang mga pamilihan, eskuwelahan at ang maliit na ospital.

It took her several minutes bago namataan ang bulto ng kaibigan.

“Hi!” she said. Tumabi ito sa inuupuan niyang nakausling ugat ng malaking puno. Malapit ang ilog na iyon sa Taong Bato na sakop ng San Agustin.

He smiled tenderly. “Kumusta?” he said and gave her a hug. It was one of his habits and she was used to it. Nevertheless, she found herself wishing that his gesture meant something deeper than friendship.

She smiled back. He was still the same Nash she knew all her life. Kalaro niya ito mula noong six years old pa lang siya at dinadala roon ng tiya niya, kapag nakikipagkita ito sa nobyong may-asawa. Iyon ay noong hindi pa nabubuko ng pamilya ang relasyon ng mga ito.

She studied his towering height, his lean and

muscled body, and the dark skin that made him look so manly. Her eyes stopped at his handsome face. She stared at it for seconds. It was the face she had learned to adore since what seemed like forever, along with his kindness and tender heart. His beautiful soul was reflected in his dark eyes.

“Lalo kang pumuti, ah,” he said chuckling. “Para na tayong kape’t gatas niyan.”

Hindi niya napigil ang mahawa sa tawa nito.

“So anong masamang hangin ang nagtaboy sa ’yo dito sa San Agustin?” tanong nito mayamaya.

Nawala ang ngiti niya. Ilang saglit siyang natigilan bago nagsalita.

“Nash, could you do me a favor?” She decided to be frank. “K-kung okay lang sa ’yo.”

Favor. She realized it was the exact word her father used nang pag-usapan nila ang tungkol sa pakikipagkasundo nito ng kasal niya kay Stephen.

Tila nag-alangan ang lalaki sa nakitang kaseryosohan ng mukha niya. Pero hindi siya kaagad binigo nito.

“Magkaibigan tayo, Ivy, mula noon pa. Kung kaya ko, tutulungan kita.”

Gusto niyang umalma. Magkaibigan tayo, he said. Pa rin? Hindi ba puwedeng lumampas sila roon?

She had been attracted to him since she was six. At parang wala na nga yatang pag-asang magustuhan din siya nito kahit kailan. She erased the thought from her mind at ikinuwento rito ang problema—ang sagutan nilang mag-ama at ang paglalayas niya.

“Naglayas ka?” ulit nito. “Saan ka tutuloy niyan? Pihadong pauwiin ka rin ni Tiya Dulce kapag nalaman niya.”

“Iyan nga rin ang naisip ko.” She looked straight into his eyes. “Kaya nga ako lumalapit sa ’yo ngayon.”

“Tbig mong sabihin—”

“Sasama ako sa ’yo, Nash.” Her eyes and voice were pleading.

Nakita niya ang pagkabigla sa mukha ng kaharap. Umiling-iling ito.

“Ivory, hindi puwede.”

Parang dinurog ang puso niya. Napaluha siya. Ito lang ang inaasahan niya, pero hindi pala siya nito matutulungan. Hindi na niya alam kung saan pa pupunta.

“Ivory...” He hugged her. She heard him sigh. “Ivory, may problema kasi.” Ang tinig nito ay tila nahihirapan din.

“It’s okay. Naiintindihan ko.” Pinahid niya ang luha at pinilit ikalma ang sarili. Alam niyang magulo ang buhay ni Nash. Pero hindi niya iniisip na makadaragdag sa gulong iyon. “Salamat na lang.”

Tumayo siya at binitbit ang may kalakihang backpack. Nanginginig pa rin siya sa sama ng loob at hindi niya napansin ang malaking ugat na nasa kanyang paanan. Natapakan niya iyon, dumulas ang kanyang sapatos doon at muntik na siyang matumba dahil sa bigat ng sukbit niya.

“Ivy!” Mabuti at naalalayan siya ni Nash. Iniupo siya nitong muli saka tinitigan. “Saan ka pupunta niyan?”

Ikinurap niya ang mga mata upang pigilin ang muling pagbalong ng luha.

“H-hindi ko alam,” sagot niya. How she wished na nasa tabi niya si Phoebe. Ito ang nagpapalakas ng loob niya kahit noon pa.

“All right, Ivory,” anito. Inalo siyang muli ng kaibigan. Their eyes met and she saw the concern reflected there. “Isasama na kita.”

2

Nagulat si Ivory nang dinala siya ni Nash sa gubat. Hindi iyon ang alam niyang daan papunta sa bahay nito. Pero pinili niyang huwag munang mag-usisa.

Isang kubong yari sa pawid at sawali ang narating nila sa gitna ng gubat. Malaki iyon pero nahulaan niyang walang kuryente.

Nadatnan nila ang isang matandang babae na nagwawalis sa hardin nitong puno ng bulaklak at gulay. Ipinakilala ito sa kanya ni Nash bilang si Lola Florencia. Balo na ito at walang kamag-anak. Kasama ito ng binata sa kubong iyon.

“Ang puti mo naman, hija,” sabi ng matanda habang ipinaghahain siya ng hapunan na niluto nito. “Taga-Maynila ka, ano?”

“Opo.”

“Magkaibigan kayo ni Nash?”

“Opo. Dati po akong may kamag-anakan na nakatira sa Taong Bato, pero pagpunta ko po doon ngayon ay wala na pala sila.”

Gusto niyang pagsisihan ang pagsisinungaling

kay Lola Flo. Pero ayaw naman niyang makahanap ito ng dahilan para hindi siya tanggapin sa bahay na iyon.

“Bata ka pa, ano? Ilang taon ka na? Hindi ka na ba nag-aaral?”

“Huminto po ako.” It was partly true. Dahil sa paglalayas niya ay hindi siya nakakuha ng final examinations.

Inusisa siya nito pero nang mapansing nangingilid ang luha niya pagkabanggit sa mga magulang, tinigilan na nito iyon.

“Sige, ubusin mo ’yan para may laman ang tiyan mo bago ka matulog,” sabi pa nito.

Tatlo ang silid sa kubong iyon. Ang pinakamalaki ay inookupa ni Nash. Malapit sa sala ang silid ni Lola Florencia. Ivy was given the third room.

Hindi na niya iyon masyadong nabistahan dahil sa sobrang pagod. Pagkalapat ng likod niya sa kama, nakatulog na siya.

Naalimpungatan si Ivory. Pakiramdam niya ay may ibang tao sa kanyang silid. Idinilat niya ang mga mata. Saglit pa siyang kinabahan nang mapansing

madilim. Iniiwan niyang bukas ang ilaw kapag natutulog siya. It took her a few seconds to remember where she was.

Napamulagat siya nang may kumaluskos. Awtomatikong napalingon siya sa dako na pinagmulan niyon.

Nanlaki lalo ang mga mata niya. Gusto niyang sumigaw pero tila naipit ang tinig niya sa lalamunan. Bagaman liwanag ng buwan lang mula sa bukas na bintana ang nagsisilbing ilaw niya, she clearly saw a man's naked torso.

“Whoa!” Gulat na gulat din ang lalaking may-ari ng hubad na katawan. Mabilisang itinuloy nito ang naudlot na pagsi-zip ng pantalon.

“Sino ka?”

“Ano'ng ginagawa mo dito?”

Halos sabay silang nagtanong sa isa't isa. Humakbang ang lalaki palapit sa kanya habang isinusuot ang kamiseta. Hinablot naman niya ang kumot pataas sa leeg. Kumakabog ang dibdib niya sa takot.

The man chuckled pagkakita sa ginawi niya.

“You must be Ivory,” he said. Ang ngiti nitong

tila nakakaloko ay malinaw niyang nakita pagtapat nito sa bintana. “I’m Robin Alpuerto, Nash’s friend.” Inilahad nito ang kamay sa kanya.

Imbis na abutin ang kamay nito, tinitigan lang niya iyon. It was big and calloused. Sigurado siyang tila bakal iyon sa tigas.

Tumawa ito, tila naaliw. “Oh, come on, hindi ako nangangain ng tao.”

She stared at his hard face. Ano nga ang pangalan ng kabilang baryo? Taong Bato. Mas bagay ang pangalang iyon sa lalaking ito. The man looked like his body was made of hard rock. Hindi siya magugulat kung taga-roon ito.

“Bakit ka nandito sa silid ko?” she asked at last. Nanginginig ang tinig niya sa hindi malamang dahilan.

“Kumuha lang ako ng damit,” sagot nito, “... at hindi mo ito silid. Pinahihiram ko lang muna sa ’yo. Kung gugustuhin ko, pupuwedeng dito rin ako matulog. Diyan din sa kama ko.”

Nanlaki ang mga mata ni Ivory. Napakabulgar ng lalaking ito kung magsalita! Nanindig ang balahibo sa katawan niya. Isipin lang niyang tatabi ito sa kanya sa higaan....

Napangiwi siya. Mabuti na lang at kaagad na lumabas ng silid ang lalaki. Noon lang siya nakahinga nang maluwas.

Robin stared at his friend's confused face.

“Kababata ko siya, Robb...” Nash said.

Nahihirapan itong ipaliwanag sa kanya kung bakit isinama nito ang babae sa kubo gayong nanganganib ang buhay nito. Hina-hunting ito ng mga *Salakot*, isang grupo ng mga rebelde.

Si Nash ang dating pinuno niyon at dahil sa pagbabawal sa mga pagnanakaw at pagpanig sa kung kani-kaninong pulitiko, ito ngayon ang gustong patayin ng grupo.

Ang bahay nito ay sinunog ng mga rebelde. Mabuti na lang at may nakapagsabi kay Robin kaya natulungan niya ang kaibigan. Inimbitahan niya si Nash sa loob ng gubat ng Pulang Lawa upang makapagtago sa mga kaaway.

And a tear-jerky, vulnerable woman was the last person he needed at this point in time.

“What now?” he asked.

Nash sighed. “Naaawa ako sa kanya. May problema siya sa pamilya at alam kong kailangang-kailangan niya ng tulong ko ngayon. Napakawalang-puso ko naman kung hahayaan ko lang siya.”

Robin understood. Ivory looked helpless. Ang mga mata nito ay tila laging galing sa pag-iyak. And Nash had always played hero for damsels in distress. This chivalrous gentleman found it hard to let a woman down.

Gusto niyang humanga at mainis dito at the same time. Hindi ito ang panahon para magpaka-bayani. Nash’s life was at stake. At maaaring ang buhay ng babae ay madadamay rin kapag nagpilit itong sumama kay Nash. Then again, hindi niya masisi ang kaibigan. The girl was a beauty kahit tila wala pang beinte ang edad nito.

“Can’t you explain it to her?” Robin asked his friend again. There must be another way to help the girl.

Nash just stared at him. “Susubukan ko.”

“Never mind,” bawi ni Robin. Knowing his friend, it would be impossible to say ‘no’ to Ivory lalo pa’t kaibigan at kababata nito iyon. “Ako na’ng bahala.”

He saw relief in his friend’s eyes. “Salamat.”

He just smiled. Nash had done so many favors for him in the past. Tumatanaw lamang siya ng utang-na-loob. He owed his friend. Lalo na sa ama nitong ilang buwan pa lang na namamayapa.

Nagpaalam sa kanya ang kaibigan na maliligo dahil may lakad pa ito. Naiwan si Robin sa labas ng kubo. Snuffing out his cigarette, naalala niya kung paanong naging magkaibigan sila ni Nash.

Robin's family belonged to one of the richest and most influential clans in the whole San Agustin. His father, Benedicto Alpuerto, was mayor for twelve years. Gayunpaman, marami rin itong kaaway. And it was Nicolas, Nash's father, who helped protect his family. At one point, Nicolas almost got himself killed dahil sa pagliligtas sa kanyang ama. And after so many years na pinahirapan ito ng sakit na natamo sa pakikipaglaban sa mga kaaway ng kanyang ama, namatay ito.

But he and Nash remained good friends, almost like real brothers. Ang laban ng isa ay laban nila pareho. Lalo pa ngayong kapwa nag-iisa na lang sila sa buhay.

Kaya nga kahit may kaunting alinlangan, Robin was willing to take Ivory with him. Gusto ni Nash na maprotektahan ito at nang hindi madamay sa gulo.

He grimaced at the thought of being with the woman. Hindi niya ito masyadong natitigan nang nakaraang gabi nang magising niya ito. Yet, he knew she was beautiful. Hindi niya alam kung ano talaga ang dahilan at naglayas ito. Pero ayon kay Nash ay nabuhay ang babae sa kasaganaan. Malamang spoiled din ito. Naniniwala siyang kapritso lang nito ang nagtulak kaya ito umalis ng bahay.

Kakayanin ba niyang makasama ang ganoong babae? Parang iiyakan niyon ang kaliit-liitang bagay. Mukha itong emosyonal at lampa. Iyon pa naman ang pinakaayaw niya sa babae.

He dismissed the thought. Mukhang wala siyang choice. Kailangang isama niya ang babae para hindi mahirapan si Nash.

Ivory spent hours doing nothing. She was bored to death. Walang kuryente sa bahay ni Nash, walang appliances. Walang electric appliance kahit de bateryang radyo. Hindi rin niya mahagilap ang kababata. Lagi itong wala at ayon kay Lola Flo ay may inaasikaso itong importanteng bagay. She believed it was something she was not supposed to know kaya hindi na siya nag-usisa. Instead, she volunteered to help the old woman cook their lunch.

Madaldal ito kaya kahit papaano ay nakabawas iyon sa pagkabugnot niya. She enjoyed her company kahit pa nga tila may itinatago ito sa kanya. Napapansin niyang iniiba nito ang usapan kapag napupunta iyon sa *Salakot*.

“Nasaan po iyong kaibigan niyang nandito kagabi?” she asked, fishing for information.

“Ah, si Robin.” Ngumiti ang matanda. Halatang gusto nito ang lalaki, na ipinagtaka niya. “Umuwi sandali sa kanila. Babalik na lang daw mamayang gabi.”

“May bahay siya?” takang tanong niya.

Natawa ito. “Aba, oo naman. Ang laki nga ng minana niyang bahay. Ang batang ito, oo.” Iniabot nito sa kanya ang dalawang pirasong sibuyas. “Mag-ingat ka at bagong hasa ang kutsilyo.”

“Eh, bakit ho sinabi niya na sa kanya ’yung ginagamit kong silid?” sumbong niya habang naghhiwa ng sibuyas.

“Parang ganoon na rin kasi siya lang ang lagi naming bisita at marami na rin siyang naiwang damit diyan sa aparador.”

Adelantado, she thought. Kulang na lang ay

ipamukha nito sa kanya na nakikigamit lang siya ng silid nito, iyon pala ay nakikigamit din ito.

“Eh, Lola, puwede po bang magtanong?” She decided to change the topic. Hindi siya interesadong pag-usapan si ‘Taong Bato’. “Sa palagay ninyo po ba ay may girlfriend na si Nash?”

Ngumiti si Lola Flo. “Maraming kadalagahan dito ang nagpapakita ng motibo sa kanya, pero wala akong alam na napupusuan niya. At sa tingin ko naman ay wala pa. Hindi iyon ipaglilihim ng apo ko sa akin.”

Natuwa siya sa narinig. Iisa lang ang ibig sabihin niyon: may pag-asa pa siya!

Buong maghapon na hinintay ni Ivory ang pagbabalik ni Nash. Gusto niya itong makakuwentuhan dahil ilang buwan silang hindi nagkita. Pero gabi na nang dumating ito at tila pagod na pagod. Ang tanging nagawa nito ay batiin siya, sabay gulo sa buhok niya, na tulad ng ginagawa ng mga nakatatandang kapatid sa isang bata. Pagkatapos ay nagpaalam na ito na hindi na maghahapunan at matutulog na lang.

Dismayado, tila nawalan na rin siyang ganang kumain. Kaunti lang ang nakain niya at nagpunta

kaagad siya sa silid niya.

Ilang oras pa lang siya ng nakakatulog nang maramdaman niyang may humawak nang mahigpit sa braso niya. Nandilat ang mga mata niya sa takot.

Sisigaw sana siya pero isang kamay ang tumakip sa bibig niya.

“Shh....” Iyon lang ang tanging nasabi ng kung sinumang pangahas na gumawa niyon.

Naramdaman niyang inaalis nito ang kanyang kumot. Napasinghap siya.

Oh, my God! Mare-rape yata siya!

Nawalan siya ng malay.

“Damn woman!” Robin swore between his teeth. Gusto lang niyang kausapin nang maayos si Ivory kaya niya ito ginising, pero hayun at pinahirapan pa siya. *Bakit ba may babaeng katulad nito?* he asked himself.

Minabuti niyang tunguhin ang silid ni Nash.

Nilingon ni Robin ang kaibigan na kasunod niyang naglalakad. Pangko nito ang walang-malay na babae.

Tulog pa rin, asar na reklamo niya sa sarili. Mabilis siyang sumakay kay Achilles, ang kanyang kabayo. Maingat na iniabot ni Nash ang dalaga sa kanya. Maayos niyang ipinuwesto ang dalaga sa kanyang harapan habang hawak ng isang kamay ang renda. Halos nakasubsob ang babae sa kanyang leeg, payapang nakahimlay sa isang balikat niya.

Hell and damnation, he wanted to mutter. *Tulog na nga, nang-aabala pa*. Iniisip niya kung magwawala ito sakaling magising na magkadikit ang mga katawan nila. Kapag nahulog sila sa kabayo sa kagagawan nito ay baka mapilipit niya ang maganda nitong leeg.

Kailangang magmadali dahil may bali-balitang sinusuyod ng mga *Salakot* ang buong San Agustin sa paghahanap kay Nash. Hindi siya sigurado sa panganib na maaari nilang kaharapin.

Nilingon niya sina Nash at Lola Flo.

“Mag-iingat kayo, Robin,” said the old woman.

“Huwag mo siyang pababayaan,” bilin ni Nash. At parang gusto na niyang kalimutang magkaibigan sila sa pagkakataong ito.

Tumango lang siya bago marahang pinalakad ang hayop. Patuloy ang mahina niyang pagmumura habang daan.

3

Pagod na si Robin. Halos Nakasandal pa rin sa kanya at mahimbing na natutulog ang *prinsesa*. Sukbit niya ang backpack nito. Ni hindi pa sila nakakalabas ng teritoryo ng Pulang Lawa. Dalawang baryo pa ang kanilang dadaanan bago makarating sa Sta. Magdalena kung saan naroon ang bahay niya. Kulang anim na kilometro pa iyon kung susukatin. At inaantok na siya. Ang ilang araw na pagpupuyat niya ay tila naningil na.

Pinatigil niya si Achilles malapit sa isang kuweba. Sa tantya niya ay wala pang alas doce ng hatinggabi. Mas mabuti sigurong dito na lang sila magpalipas ng magdamag. Bukas na nila itutuloy ang paglalakbay. Pagod na pagod na talaga siya at antok na antok.

Gusto niyang gisingin ang babae para makababa sila kay Achilles nang walang hirap. Pero nang mapagmasdan ang maamong mukha nito ay tila may pumisil sa puso niya. Parang naaawa siyang gisingin ito. Bago pa makapagtanong ang utak niya ay gumawa na siya ng paraan para makababa habang nakaalalay pa rin sa natutulog na dalaga. Pagkatapos ay maingat niya itong hinila paibis sa hayop.

Sleeping beauty, his mind taunted while his eyes searched the girl's face. Gusto niyang magmura sa paglalaro ng kanyang isip.

Hinila niya ang renda ng kabayo patungo sa tabi ng kuweba habang pangko ang babae. Itinali niya ang renda sa isang nakausling bato gamit ang isang kamay.

Marahan niyang isinandal ang babae sa isang tuyong lugar sa bungad ng kuweba. Naglakad siya pauna at ibinaba ang sukbit na bag. Minasaha niya ng kanang kamay ang batok at mariing pumikit.

Walang-anumang hinubad niya ang jacket at inilatag iyon malapit sa paanan. Ang knapsack ng babae ang gagawin niyang unan.

Naramdaman niyang tila may nakatingin sa kanya. Lumingon siya sa bukana ng kuweba. His dark brown eyes met Ivory's. Sa tulong ng liwanag ng buwan na nanunuot sa lugar ay alam niyang galit ito. Humarap siya sa nakaupong dalaga.

“Ano'ng ginawa mo sa akin?” angil nito.

He chuckled. Ayaw man niya ay naaaliw siya sa babae. Ang tono nito ay tila pinagbibintangan siya ng rape. Buong buhay niya, wala pa siyang pinuwersang babae.

“Wag mo kong tawanan!” sigaw nito nang humakbang siya palapit. Napatigil siya sa pagkilos.

Ang tangkang pagbato rito ng salita ay napigilan nang mapatitig siya sa ayos nito. Manipis na ternong pajama ang suot nito, at aninag niya ang slim nitong katawan. Ang buhok nito na halos umabot sa baywang ay magulo at ang boses ay medyo malat pa na tila....

“Hell!” he muttered. He swore at himself for the thoughts that crossed his mind. Baka wala pang beinte años ang babae. She was too young for him. And she was not his type, for crying out loud!

Tinalikuran niya ito upang harapin muli ang pag-aayos ng hihigaan. Pero nakalapit na ang babae at binabayo na ang likod niya.

“Wag mo ‘kong talikuran, kinakausap pa kita!”

Kunot-noong nilingon niya muli ito. Napipikon siya kapag kinakausap nang paganoon.

Nanlaki ang mga mata ni Ivory. Nakakatakot kasi ang galit na ekspresyon sa mukha ng lalaki. Para niyang nakita si *Wolverine* na handang silain siya.

“B-bakit mo ’ko dinala dito?” Pinilit niyang patatagin ang sarili kahit gusto na niyang tumakbo palayo.

Naihilamos ni Robin sa mukha ang isang kamay. Pinipigilan niyang magalit nang husto.

“Unang-una, don’t sound like I intend to seduce you or something dahil wala akong balak.” Natahimik si Ivory. “Second, hindi ko kagustuhang isama ka. Idea ito ni Nash.”

“Idea ito ni Nash?”

Muling nairita ang binata. “Nanganganib ang buhay niya. And I hate to say this, pero magiging pabigat ka lang sa kanya.” Ikinuwento niya rito ang mga pagtatangka sa buhay ni Nash at ang dahilan ng pagtatago nito sa gubat.

“Oh, my God!” Nangilid ang luha sa mga mata ng babae. Isa lang ang rumehistro sa isip ni Ivory sa mga sinabi nito—nasa panganib si Nash! She shivered in fear for him.

Umikot ang mga mata ni Robin. *Iyakan na naman*, anito sa isip.

“We must go back. Dalhin mo uli ako doon, Alpuerto.” She forgot his first name kaya apelyido nito ang binanggit niya. “Kailangan niya ako doon.” She wanted to make sure Nash was all right.

“Naiintindihan mo ba’ng sinabi ko?” Hindi

nawawala ang kunot sa noo ni Robin. He hated the way Ivory called him by his surname. Pakiramdam niya ay dinidiktahan siya nito. “Okay, I’ll give you two choices. Sumama ka sa akin, o dalhin mo ang kabayo ko at umuwi ka na ng Maynila o kung saang lupalop ka man nanggaling.”

Wala sa loob na lumapit pang lalo si Ivory sa lalaki at dinuro ng isang daliri ang dibdib nito.

“Napakayabang mo, Alpuerto! Ano ba’ng akala mo sa sarili mo?”

Hinawakan nito ang kamay niyang nasa dibdib nito. “This isn’t the time for your hysterics. Dahil bigla ka na lang nawalan ng malay-tao kanina ay napilitan akong isampa ka sa kabayo. Hindi mo alam kung gaano kalayo ang nilakbay natin dahil masarap ang tulog mo sa dibdib ko buong biyahe. Ako, napagod na ako sa kaiistima sa iyo para masigurong maayos ka at hindi mananakit ang katawan mo paggising. Ngayon, gusto ko nang magpahinga. Nash could’ve explained it to you himself kung hindi ka parang...” nag-isip pa ito ng tamang salita, “...timbang na bigla na lang hinihimatay.”

“Hindi ko iyon sinasadya!”

“Sinabi ko ba?” Pinaliit pa nito ang tinig at ginaya

ang paraan niya ng pagsasalita. Iniinis talaga siya.

Ivory broke down. Umupo siya at isinubsob ang mukha sa mga kamay. Ang walang-pusong “Taong Bato’ naman ay tila hindi apektadong nahiga sa inayos na higaan.

He was so uncaring! He was the rudest person she had met! She was used to being treated with gentleness, like she was some fragile crystal. Ang kanyang ama ay kailan lang siya nasigawan. Ang mga lalaki namang nakikilala niya were too allured by her charm to treat her with crudeness. Itong si Alpuerto lang ang lalaking nagtrato sa kanya ng ganito.

At paanong naging kaibigan ni Nash ang tulad nito? They were poles apart. She hated this man.

“Dapat ‘Iya’ ang pangalan mo,” sabi nito habang nakahiga at nakapikit. “Iya Iyakin.”

He laughed so hard and she cursed him in her mind.

“Wala ka bang sleeping bag d’yan?” tanong ni Ivory sa lalaki na prenteng nakahiga. Sakop na nito ang saping jacket at ang tuwalya niya na inilabas nito kanina galing sa backpack. Saan pa siya pupuwesto

roon? At parang alinlangan din siyang tumabi rito sa higaan.

“Wala.” The word was spoken with authority. “Kung ayaw mong tumabi sa akin, puwedeng diyan ka mahiga sa lupa.”

Natilihan siya. May pagpipilian ba siya? Paano kung may ahas o kaya paniki sa kuwebang iyon? O kahit anong hayop at bigla na lang siyang daluhugin habang tulog na tulog na siya?

Kinilabutan siya sa naisip. Nagmamadaling humiga siya sa maliit na espasyong natira sa tabi nito. Kakalimutan muna niyang naasar siya sa lalaking ito. For now.

Hindi niya napansing napangisi ito sa ginawi niya.

Siniguro niyang may espasyo pa rin sa pagitan nila. Saka lang siya pumikit.

Pero hindi siya makatulog. Ramdam na ramdam niya ang presence ni Robin. The smell of the forest complemented his natural male scent. At hindi niya masabi kung bakit tila minamartilyo ang kanyang dibdib sa lakas ng kabog niyon—kung dahil ba sa takot sa sitwasyon, o sa lalaki mismo.

She forced herself not to think of the man lying beside her only a few inches away from her. Instead, she thought of Nash.

Gusto niya sanang nandoon siya sa tabi nito. Pero kung magiging pabigat naman siya sa kababata, wala siguro siyang magagawa kundi ipagdasal ito at sumama sa lalaking buwisit. Wala siyang ibang pupuntahan at ayaw niyang umuwi kaagad sa Maynila.

Napaismid si Ivory habang nakapikit, pagkaisip sa aroganteng mukha ng katabi.

Nagulat siya nang marinig ang pagtawa ni Robin. Dumilat siya at nilingon ito.

“I’d bet ako’ng naisip mo,” he laughingly said. “Nanunulis ang nguso mo kahit nakapikit ka.”

She stared at his face. May hitsura sana ito, kaso ang sama ng ugali. Umirap siya bago tumalikod dito.

Inaantok na siya nang biglang hawakan ni Robin ang braso niya. Napapiksi siya. Kumabog ang kanyang dibdib sa takot.

“Shh...” anito, seryoso ang ekspresyon ng mukha. “Huwag kang gagawa ng ingay. May ahas sa paanan

mo.”

Nanigas si Ivory nang makita ang ahas doon.

Ang ulo ay tila nakaabang para tuklawin siya. Nanginig siya sa takot at awtomatikong napaatras. Iniyakap niya ang mga braso sa leeg ng katabing lalaki. Nakita niya nang may kinapa ito sa bulsa— Swiss knife. Titig na titig ito sa ahas bago ini-spin ng kutsilyo. Sapul ang ahas!

Napahigpit ang yakap niya kay Robin nang makita ang pagkiwal-kiwal niyon.

“Buhay pa!” hiyaw niya.

“It’s okay, baby. Wala na.”

“B-baka meron pa.” Isiniksik niya ang sarili sa dibdib nito at pumikit nang mariin. Malakas pa rin ang kabog ng dibdib niya.

Hindi niya napansin nang yakapin din siya ni Robin nang mas mahigpit at ngumiti nang pilyo.

Dapat sana ay mainit ang ulo niya ngayon. Buong magdamag siyang hindi nakatulog. Yet, Robin couldn’t help smiling. And it was all because of this Chinese mestiza, sleeping like a baby in his arms. Her

arms were around him, her face on his chest and her right leg over his thighs. Akala yata nito ay stuffed toy siya. Pero wala siyang reklamo.

Naaamoy niya ang buhok ni Ivory, nararamdaman ang lambot ng balat nito. He could feel her breath fanning his chest. And good Lord, he felt great!

Nararamdaman na niya ang pamimitig ng mga kalamnan dahil sa hindi pagkilos ng kung ilang oras. Pero hindi talaga siya kikilos. Kahit siguro hagikan pa siya ng granada ngayon!

Oh, I could lie like this forever. His smile widened. He sounded like a song. *Until the sky falls down on me.*

Napahinto siya sa pagkanta nang kumilos si Ivory. Ikiniskis nito ang pisngi sa balikat niya bago muling natulog.

Niyakap niya ito nang mas mahigpit at pinigilan ang sarili na umungol.

Ivory was too comfortable to open her eyes. Gusto niya pang matulog. She hugged her pillow tighter and inhaled its scent. It felt and smelled different. She loved it better.

Kumilos ang kamay niya. It caressed something.

Bakit ang aligasgas? Naalimpungatan siya and slowly, she opened her eyes. At ganoon na lang ang gulat niya when she saw a pair of dark brown eyes twinkling as it stared back at her.

“Yay!” she almost screamed. Pabigla siyang bumangon. “Ano’ng ginawa mo sa akin?”

Robin chuckled. “Wala ka na bang ibang linya bukod diyan? I think I should be the one asking you that, ano’ng ginawa mo sa akin?”

He watched her lovely face blush. This was the first time he saw her face clearly in broad daylight. And yes, she was beautiful! More than he expected her to be. Kahit gulo ang buhok at hindi pa nakakapaghilamos.

She was aptly named. Ivory. That was the color of her skin. It was smooth, and it looked and felt soft. Her hair was jet black and her eyes were innocent.

Ivory stared back at the man. She had seen a lot of handsome men before. No. She changed her mind. This man was not handsome, she told herself. ‘Handsome’ is too tame to describe him. He had the sex appeal of a rock star.

She gazed into his eyes. It held power and strength. His cheekbones were high, his jaws

stubborn. It had stubbles and she realized na iyon ang nahawakan niya kanina kaya siya nagising.

“Did you enjoy your sleep?” he asked. There was amusement in his eyes; parang may naisip na kalokohan. At parang gusto niyang bawiin ang mga naisip tungkol dito dahil bumangon muli ang inis niya.

Ang yabang talaga!

Hindi niya pupuwedeng ibintang dito na sinamantala siya nito dahil sa puwesto niya pa lang kanina ay malinaw na halos siya ang ‘nanamantala’ rito.

“Tell me, Ivory,” he said smiling wickedly, “masarap bang gawing unan ang dibdib ko?”

She felt her cheeks grow hot. Ubod-lakas na binayo niya ang dibdib nito.

“Tuwang-tuwa ka naman!” Gigil na gigil siya sa inis.

“You bet!” Ang tawa nito ay nag-echo hanggang sa kaloob-looban ng kuweba.

Tumayo siyang inis na inis.

Darn this man! Nabubuwisit siya pero kumakabog

ang dibdib niya sa kaba... and for something else she couldn't name.

Tumayo na rin ito at sinimulang ligpitin ang tinulugan nila.

“Aalis na ba tayo agad?” she asked. Gusto niyang magpalit ng damit na mas komportable bago maglakbay.

She regretted speaking the moment he looked at her and grinned.

“Bakit, ayaw mo pa ba?” Muling nag-init ang pisngi ni Ivory. Parang alam na niya ang kasunod niyon. “Puwedeng matulog uli tayo kung gusto mo. May naiisip akong magandang gawin....”

“Bastos!” she snapped.

Tumawa uli ito nang malakas. At kahit naiinis, she couldn't deny the fact that she found him attractive.

Hinagilap niya ang bag at lumakad palayo. Mas mabuti pang magpalit na siya ng damit kaysa kausapin ito.

She heard him singing *Truly, Madly, Deeply*. Hindi niya mapigil na mapangiti. He had a nice voice.

Hah! Kung anu-ano na ang pumapasok sa isip

niya!

Malapit na raw ang bayan, ayon kay Robin. Kaagad nitong isinakay sa kabayo si Ivory pagkapalit niya ng damit. Pumuwesto ito sa likuran niya. His left arm snaked around her waist. Pinigil niyang mapapiksi. The feeling of his skin against hers was odd.

“Hold on tight, my lady,” he whispered in her ear na muling nagpakislot sa kanya. She heard him chuckle softly.

Naghiwalay sila pagdating sa bayan. Bumili ito ng pagkain habang siya naman ay mga personal na gamit ang binili.

Habang namimili, naringgan niya ang usapan ng mga tindera.

“Nakita mo ba si Robinhood Alpuerto kanina?”

Robinhood? Gusto niyang matawa. Iyon pala ang buo nitong pangalan. *Kaya feeling hero lagi ang kumag.*

“Oo, ang guwapo niya talaga! Hay! Kelan kaya niya ako papansinin?” sabi ng babaeng tila wala pang labing-anim na taong gulang.

Ivory smiled. Parang nakita niya ang kaibigang si Phoebe sa bata. She was always like that; maraming crushes at feeling laging in love. Oh, well, pareho sila. Mas vocal lang ito kaysa kanya. Feeling in love lang, she was sure, dahil Phoebe already had two broken relationships in the past. Somewhere along, her friend would realize that she didn't love the guy at all. At makikipagkalas ito.

“Asa ka naman. Ni hindi ka noon titingnan, “no!” parunggit ng mas matandang tindera. “Ang ganda yata ng nobya niyang si Marielle Flores.”

“Marielle Flores? Iyong reigning *Miss World Philippines*?”

“Iyon nga. Ang bali-balita nga ay ikakasal na sila sa December.”

“Ganoon?” Nanlumo ang tinig ng dalagita. Pero mas nanlumo yata si Ivory. Hindi niya alam kung bakit.

Tinapos niya ang pamimili at bumalik sa harap ng plaza. Nandoon na si Robin, smiling at her.

“Gutom ka na ba?” he asked. Umiling lang siya. Hindi niya malaman kung bakit bigla siyang nanghihina ngayon. Ano ba ang problema niya?

“Sige, doon na lang tayo sa bahay kumain,” anito.

Hindi siya kumibo. Muli siya nitong binuhat at isinakay sa kabayo.

“Pagdating doon, puwede kang matulog uli kung gusto mo,” he told her habang naglalakbay sila patungo sa bahay nito. His breath was fanning her face and she shivered. His voice turned huskier, “Hindi ako nakatulog magdamag, alam mo ba? I enjoyed watching you sleep.”

Hindi uli siya kumibo. Kung hindi niya siguro alam ang tungkol sa fiancée nito, iisipin niyang nagpi-flirt ito sa kanya. At marahil ay kinikilig pa siya. Pero—

She let out a sigh. Bakit ba kailangang mag-isip ng mga ganoong bagay? Hindi naman niya type ang kasama, di ba?

“What was that sigh for?” Robin asked, almost kissing her hair.

“Wala,” she answered. Pinigilan niyang mapapiksi muli. “I’m just missing Nash.” It was partly true.

Naramdaman niyang tila natigilan ang lalaki. “Do you love him?” he asked softly.

“Oh! I’ve loved him since time immemorial. Kaya

nga nalulungkot akong wala ako doon ngayon sa tabi niya,” tuluy-tuloy niyang sabi na parang ayaw niyang maghinala ang kausap na may iba pa siyang iniisip.

She was wondering why she couldn't say "I love Nash" with enough conviction now. Na para bang pati siya ay hindi na rin naniniwala roon.

At naaasar si Ivory. Ilang taon na ba niyang kilala si Nash? At ang lalaking ito ay noong nakalipas na gabi lang niya nakasama. Yet, she had never felt this helplessness with Nash or with anybody else for that matter.

Hindi niya nakita nang tumalim ang mga mata ni Robin at magtagis ang mga bagang nito. Kahit nang humigpit ang hawak nito sa renda ng kabayo.